







7. Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan (allied health services)




Maraming mga pangkalusugang propesyonal na sadyang nagsanay upang gumamot sa mga natatanging problema sa kalusugan. Ang tawag sa mga ito ay mga propesyonal ng magkaka-ugnay na kalusugan ang mga propesyonal ng magkaka-ugnay na kalusugan ay nakapagtatrabaho sa mga ospital, sentrong pang-medikal, mga klinika at pribadong panggagamot. Binabayaran ng Medicare ang ilan mga serbisyong ito. Pinakamabuti nang alamin muna bago ka gumawa ng appointment. Maraming kompanya ng seguro ang nagbibigay ng seguro sa mga serbisyong magkaka-ugnay na kalusugan.

	<p>Serbisyo Ukol sa Pandinig -(Audiology)</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga audiologist ay espesyalista sa pagtatasa/pagsusuri, pag-iwas/paghadlang at di-medikal na pangangalaga ng anumang pinsala sa pandinig at mga kaugnay na sakit ng pagsasalita at pakikipag-usap nagsasagawa sila ng pagsusuri o pagtatasa sa pandinig ng mga sanggol, mga kabataan at ng mga may edad na. Ang mga serbisyo ng audiologist ay kasama sa mga programang pangrehabilitasyon ang mga audiologist ay nagtatrabaho sa mga ospital, serbisyong pang-komunidad at sa kanilang sariling klinika. Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong pandinig o sa pandinig ng iyong anak, kausapin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol sa isang pagsasangguni o rekomendasyon (referral) sa espesyalista. <p>■ Samahang Audiological ng Australia (Audiological Society of Australia) www.audiology.asn.au</p>
	<p>Nutrisyon at diyetetika (Nutrition and dietetics)</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga diyetisyan (dietitian) ay tumutulong upang maintindihan ng mga tao ang kaugnayan ng pagkain sa kalusugan para lalong mabuti silang makakapili ng mga pagkaing mas nakakalusog ang mga diyetisyan at nutriyonista ay nakapagtatrabaho sa mga pampublikong ospital, sentro ng pangkalusugan sa komunidad at sa kanilang pansariling klinika binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa ilalim ng Programa sa Pinabuting Pangunahing Pangangalaga (Enhanced Primary Care Program).Tanungin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol dito <p>■ Samahan ng Diyetisyan sa Australia (Dietitian Association of Australia) www.daa.asn.au</p>
	<p>Kapupunang Panggagamot ng Pinsala/Sakit na may Kaugnayan sa Trabaho (Occupational Therapy)</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga occupational therapist ay mga propesyonal na gumagamot o tumutulong sa rehabilitasyon ng mga may pinsala o sakit na may kaugnayan sa kanilang trabaho, upang mapabuti ang kakayahan nilang makisali sa anumang nangyayari sa pang-araw-araw na buhay. Sila ay maaaring may limitadong kakayahan sa paggawa ng ilang mga bagay dahil sa pagkakasakit, kapansanan o pinsala ang mga occupational therapist ay nakakapagturo ng mga bagong paraan o teknik, naglalaan ng mga gamit na nakapagbibigay sa tao ng kalayaang makagalaw at makagawa nang walang tulong, binabawasan ang mga sagabal/hadlang na nasa kanilang kapaligiran, at natutulungan silang makibagay sa kanilang kapaligiran binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa ilalim ng Programa sa Pinabuting Pangunahing Pangangalaga (Enhanced Primary Care Program).Tanungin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol dito nagtatrabaho sila sa mga ospital, mga sentro ng pangkalusugan sa komunidad at sa kanilang sariling klinika <p>■ Samahan ng Occupational Therapists sa Australia (Australian Association of Occupational Therapists) www.ausot.com.au</p>

7. Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan (allied health services)

	<p>Optometriya (Optometry): Tungkol sa Mata</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga optometrist ay nagsasagawa ng pagsusuri ng mata at paningin, nagreseta ng salamin sa mata at contact lens at gumagamot sa maraming uri ng mga sakit sa mata ang mga optometrist ay hindi nagsasagawa ng operasyon sa mata ngunit maaaring magreseta ng gamot para gamutin ang sakit sa mata karamihan sa mga optometrist ay nagtatrabaho sa kanilang sariling klinika at matatagpuan sa karamihan ng mga sentrong pamilihan at mga lugar sa labas ng siyudad (suburbs). Binabayaran ng Medicare ang isang eksamen sa mata tuwing dalawang taon maliban kung may pangklinikang dahilan na kailangan mo ang mas malimit na appointment nagbibigay ng libreng salamin sa mata ang Queensland Health sa mga taong karapatdapat sa pamamagitan ng Pamamaraang Panustos sa Salamin sa Mata (Spectacle Supply Scheme). Tanungin ang iyong optometrist kung ikaw ay karapatdapat sa pamamaraang ito at kung paano makamit ang panustos na ito. samahan ng mga Optometrist sa Australia (Optometrists Association Australia) www.optometrists.asn.au
	<p>Paggamot ng Pinsala/Sakit na may kaugnayan sa paggalaw (Physiotherapy)</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga physiotherapist ay nagtatasa, tumitingin at nanggagamot sa mga taong may problema sa paggalaw. Karaniwan nilang tinatasahan at ginagamot ang kasu-kasuan, kalamnan at mga pinsala sa nerbiyos gumagamit ang physiotherapist ng mga pamamaraan o teknik, kabilang ang: pagmamasaha sa malambot na laman, ehersisyo at mga pag-unat o pag-banat, paggalaw at pamamahala ng kasu-kasuan, paggamit ng bolsa de hielo o bolsang mainit, at ultrasound sa mga serbisyong pampubliko, ang mga physiotherapist ay matatagpuan sa mga ospital at mga sentro ng serbisyong pang-komunidad. Kailangang alamin mo sa iyong lokal na ospital o sentro ng serbisyong pang-komunidad upang malaman kung ikaw ay nararapat na tumanggap ng ganitong mga serbisyo binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa ilalim ng Programa sa Pinagbuting Pangunihang Pangangalaga (Enhanced Primary Care Program). Tanungin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol dito kung magpapatingin ka nang pribado sa physiotherapist, hindi mo kailangan ang sulat na rekomendasyon/referral mula sa iyong doktor pampamilya. samahan ng Physiotherapist sa Australia (Australian Physiotherapy Association) http://apa.advsol.com.au/physio_and_health/home.cfm
	<p>Pangangalaga at Paggamot ng Paa (Podiatry)</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga podiatrist ay nagbibigay ng payo ukol sa kalusugan ng paa, nagtatasa, tumitingin at gumagamot sa mga problema/sakit ng paa marami sa kanila ang nagtatrabaho nang pribado, kaya kailangan silang bayaran nang tuwiran binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa ilalim ng Programa sa Pinagbuting Pangunahing Pangangalaga (Enhanced Primary Care Program). Tanungin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol dito sa mga serbisyong pampubliko, sila ay gumagawa ng pagsusuri (screening) para sa diabetes, sa pag-aalaga ng paa; pag-aalaga ng sugat, at mga klinika ukol sa sistema ng daanan ng likido sa katawan (vascular system) at iba pang mga gawain. Konseho ng Podiatry sa Australia (Australasian Podiatry Council) www.apodc.com.au/index.shtml

7. Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan (allied health services)

	<p>Sikolohiya (Psychology)</p> <ul style="list-style-type: none"> tumutulong ang mga psychologist na mabawasan ang pagkabalisa at mapabuti ang kapakanang pandamdamin nakakatulong sila sa mga taong nahihirapang pigilin ang kanilang mga damdamin, pag-iisip at gawi o kilos marami ang nagtatrabaho nang pribado, kaya kailangang bayaran sila nang tuwiran binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa ilalim ng Programa sa Pinagbuting Pangungunang Pangangalaga (Enhanced Primary Care Program). Tanungin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol dito Samahang Psychological sa Australia (Australian Psychological Society) www.psychology.org.au
	<p>Gawaing Panlipunan (Social work)</p> <ul style="list-style-type: none"> nakakatulong ang mga social worker sa pagharap sa mga problemang pandamdamin at praktikal na mga problemang nagdudulot ng pagkabalisa o pangamba. Nai-uugnay rin nila ang mga kliyente/pasyente sa mga samahan o grupo sa komunidad na nagbibigay ng suporta. ang mga social worker ay nagtatrabaho sa mga ospital, sentro ng serbisyong pang-komunidad, sentrong pampurok, pamayanan (settlement) at iba pang di-pampamahalaang mga serbisyo. Ang mga social worker ay maaaring magtrabaho rin nang pribado. binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa ilalim ng Programa sa Pinagbuting Pangungunang Pangangalaga (Enhanced Primary Care Program). Tanungin ang iyong doktor pampamilya (GP) tungkol dito Samahan ng Social Worker sa Australia (Australian Association of Social Workers) www.aasw.asn.au
	<p>Ukol sa Pagsasalita (Speech pathology)</p> <ul style="list-style-type: none"> ang mga speech pathologist ay tumitingin, gumagamot at namamahala ng mga problema sa pagsasalita, sa pagkain at paglunok, ng mga bata man o may edad na ang mga speech pathologist ay nagtatrabaho sa mga ospital at mga sentro ng serbisyong pang-komunidad o kaya'y sa kanilang sariling klinika. Binabayaran ng Medicare ang ilan sa kanilang mga serbisyo sa patolohiya ng pagsasalita para sa mga taong may paulit-ulit (hindi gumagaling) na kondisyon at kumplikadong mga pangangailangan. Kung ikaw ay karapatdapad, kailangan mo ng sulat ng rekomendasyon ('referral') mula sa iyong doktor pampamilya Patolohiya sa Pagsasalita Australia (Speech Pathology Australia) www.speechpathologyaustralia.org.au

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay nasa mga 10 serye. Ang kompletong set:

1. Sistemang pangkalusugan sa Queensland
2. Pagpapatingin sa doktor
3. Mga gamot
4. Mga ospital sa Queensland
5. Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad
6. Mga serbisyong dental o para sa ngipin
7. Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan
8. Pananatiling malusog at pag-iwas sa sakit
9. Mga serbisyong pangkalusugan at pangsuporta para sa mga partikular na grupo
10. Ikaw at ang sistema ng serbisyong pangkalusugan